Mga nakalalasong kabute na tumutubo sa Victoria

Payo sa kalusugan mula sa Deputy Chief Health Officer (Kapaligiran), Victoria, Mayo 12, 2020.

Mahahalagang mensahe

- Kasalukuyang masaganang tumutubo ang mga nakalalasong kabute kabilang ang mga kabuteng Death Cap at Yellow-staining sa paligid ng Victoria bilang resulta ng kamakailang malalakas na ulan.
- Nagkaroon ng ilang seryosong pagkalason sa kabute sa Victoria sa nakalipas na dalawang linggo. Maaaring ikamatay ng isang taong nasa hustong gulang ang pagkain ng kahit isang kabuteng Death Cap.
- Maliban kung isa kang eksperto, huwag manguha at kumain ng mga ligaw na kabute sa Victoria.
- Sa karamihan ng mga kaso, mas mataas ang tsansang gumaling kapag mas maagang nagsimula ang gamutan. Kung pinaghihinalaan ka o ang iyong anak na nakakain ng nakalalasong kabute, huwag hintaying maramdaman ang mga sintomas bago humanap ang atensyong medikal.
- Hindi natatanggal o nai-inactivate ang lason ng pagluluto, pagbabalat o pagpapatuyo ng mga ganitong kabute.
- Wala pang pagsusuring ginawa sa bahay para malaman kung ligtas at puwedeng kainin ang mga nakalalasong kabute.
- Ligtas kainin ang mga kabuteng binili sa supermarket, greengrocer o iba pang kilalang pinagkukunan..
- Kailangan ding mag-ingat ang mga may alagang aso habang pinaglalakad ang kanilang mga alaga sa lugar kung saan may mga tumutubong kabute. Kung maaari, tanggalin ang mga kabute mula sa kanilang bakuran bago ito makain ng inyong mga alagang aso.

Higit pang impormasyon

Impormasyon ng mamimili

Better Health Channel <https://www.betterhealth.vic.gov.au/health/healthyliving/fungi-poisoning>

Victorian Poisons Information Centre: 13 11 26 (24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo)

Australian Animal Poisons Centre: <https://animalpoisons.com.au/news/mushroom-warning-for-pet-owners>

Mga Contact

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa yunit ng Environmental Public Health Policy and Risk Management sa 1300 761 874.

Matuto pa tungkol sa Chief Health Officer <https://www2.health.vic.gov.au/public-health/chief-health-officer>.

VICTORIA State Government | Health and Human Services

Para makatanggap ng ganitong lathalain sa isang maa-access na pormat sa telepono 1300 364 352, gamit ang National Relay Service 13 36 77 kung kinakailangan, o email foodsafety@dhhs.vic.gov.au

Awtorisado at inilathla ng Victorian Government, 1 Treasury Place, Melbourne.

© State of Victoria, Department of Health and Human Services Mayo 2020.

Available sa https://www2.health.vic.gov.au/about/news-and-events/healthalerts/poisonous-mushrooms-growing-in-melbourne-2020